OPISYAL NA PAHAYAG NG HABI YOUTH NETWORK UKOL SA ISINUSULONG NA CHARTER CHANGE

Lubog na sa utang ang bansa, naipasa pa ang Maharlika Investment Fund, kalam na rin ang sikmura ng mamamayan, patuloy ang pagsirit ng presyo ng bilihin, lalong lumalala ang krisis pang-klima at patuloy pa rin ang iba't ibang porma ng karahasan at pang-aabuso sa kababaihan, kabataan at mga katutubo. Ngunit ano ang sagot ng estado? Ang pagsulong ng pagbabago sa ating Saligang Batas imbes na pukulan ng pansin ang suliranin at adyenda ng pagbabago mula sa taumbayan.

Isa ito sa pinakamaugong at mainit na usapin sa kasalukuyan lalo pa at nakatakdang pagdinig at pagpasa ng Resolution of Both Houses (RBH) No. 7 ngayong araw. Nilalayon ng panukalang ito ang pag-amyenda na alisin ng mga probisyon sa limitasyon ng dayuhang pagmamay-ari sa mga pampublikong serbisyo katulad ng tubig, kuryente, transportasyon, eskwelahan at marami pang iba.

Kung babalikan natin ay noong Marso din noong nakaraang taon ay naipasa sa Third Reading ang Resolution of Both Houses No.6 na naglalayong amyendahan ang 1987 Constitution, partikular ang mga pang-ekonomikong probisyon sa Artikulo XII, XIV at XVI. At ngayong pagtatapos ng buwan ay nais din iratsada ang pagpasa ng inisyatibang ito.

Tandaan natin na ang ahat ng mga naunang pagtatangka na ipasa ang isang Charter Change (Cha-Cha) ay umani ng mariing pagtutol mula sa sambayanan sapagkat naging malinaw sa lahat na ang layunin lamang nito ay tanggalin ang *term limit* ng mga politiko upang humaba pa ang pag-upo nila sa kanilang pwesto at pagsilbihan ang kanilang mga pansariling interes. Ngunit sa kasalukuyan, sinusubukan ng mga taga-pagsulong ng ChaCha na palabasing tanging pang-ekonomikong probisyon lamang ang gusto nilang baguhin.

Ayon sa mga nangunguna sa Cha-Cha, kasalukuyang Saligang Batas ay masyadong mahigpit sa pagbabawal ng dayuhang pamumuhunan, at ang ganitong polisiya ay hadlang sa ating pag-unlad. Iginigiit nilang ang pagpapapasok ng mga dayuhang mamumuhunan sa bansa ay makakatulong sa paglika nang mas maraming trabaho at oportunidad para sa mga Pilipino.

Ngunit, malinaw sa atin na hindi ang pagbabago ng Saligang Batas ang solusyon sa mga suliraning kinakaharap ng bansa lalo na sa aspetong pang-ekonomiya. Mariing tinututulan ng Habi Youth Network ang pagsulong ng Cha-Cha dahil sa sabay sabay at sunod sunod na hamon na kinakaharap ng masang dapat na pinaglilingkuran ng pamahalaan. Nasa paniniwala ng organisasyon na ang Cha-Cha ay magiging daan lamang sa pagsupil sa demokrasya, sa halip na maghatid ng pag-unlad. At isa rin ito sa tangkang pag kibit balikat ng pamahalaan sa agaran na pangangailangan na palawakin at pataasin ang pondo para sa mga pampublikong serbisyo, lalo na sa sektor ng edukasyon. Isinasawalang bahala nito ang interes ng mamamayan at solusyonan ang kahirapan lalo pa at na sa panahon tayo ng pagbangon mula sa kriris na dinulot ng pandemya.

Kung susuriing mabuti, ang pagtanggal sa *economic restrictions* ay hindi tuluyang makatutugon sa suliraning pang-ekonomiya ng bansa lalo na kung patuloy pa rin ang mga isyung may kinalaman sa pamamahala, korapsyon at imprastraktura na siya ring humahadlang sa paglago ng dayuhang pamumuhunan. Gayundin, kung matuloy ang panukalang ito ay lalo lamang mapagsasamantalahan ang ating mga likas na yaman at ang hanay ng lakas-paggawa. Higit ding malalagay sa kapahamakan ang ating mga katutubo dahil magiging madali na ang pagpasok ng mga korporasyon – mapa-lokal o dayuhan man sa kanilang mga lupang ninuno.

Isinasaalang-alang din natin ang iba pang suliraning kinakaharap ng bansa. Sa panahon kung kailan humaharap tayo sa krisis pang-edukasyon, pang-transportasyon, at pangkabuhayan, ang paglalalaan ng halagang aabot sa 15 Billion mula sa ating pambansang badyet ay hindi makatarungan. Ito ay tahasang pambabastos sa araw-araw na paghihirap ng ordinaryong mamamayang Pilipino.

Higit pa rito, ang pagbabago sa Saligang Batas ay maaaring magbukas ng pintuan sa pag-abuso sa ating karapatang pantao. Ibubulatlat ito sa posibilidad ng pagtanggal sa *term limits* at ang paglalagay ng mga probisyong susupil sa malayang pamamahayag ay ilan lamang sa magiging banta sa ating demokrasya na dulot ng Charter Change.

Kaya naman kasama ang malawak na hanay ng kabataan at mamamayan, ang Habi Youth Network ay kasama sa panawagan na tutulan, labanan at huwag pahintulutan ang Charter Change at patuloy na kalampagin ang ating pamahalaan na higit na bigyang prayoridad ang pagbibigay solusyon sa mga suliranin sa trabaho, edukasyon, lupa, at karapatan!

Ngayon higit kailaman, kailangang magkaisa ng pinakamalakas na pwersa- ang mamamayan.

TAYO ANG MAMAMAYAN.

##